

Polyeto tungkol sa Diskriminasyon sa Pagpapasuso at Panliligalig sa mga Pagbibigay ng Produkto, Pasilidad at mga Serbisyo at sa Iba Pang Sektor

Simula sa **Hunyo 19, 2021**, protektado na ang lahat ng babae sa Hong Kong mula sa diskriminasyon sa pagpapasuso at panliligalig sa ilalim ng Ordinansa ng Diskriminasyon sa Kasarian o Sex Discrimination Ordinance (SDO). Saklaw ng proteksyonang trabaho at mga kaugnay na sektor, pati na rin ang iba pang sektor, kasama ang:



- Pagbibigay ng mga produkto, pasilidad at serbisyo
- Edukasyon
- Pamamahala o pagpapagamit ng mga lugar
- Pakikilahok sa mga club
- Pamahalaan

Kahulugan ng pagpapasuso

Alinsunod sa SDO, tinutukoy ang pagpapasuso bilang:

- Isang babaeng nagsasagawa ng pagpapasuso sa isang bata, anak man niya ito o hindi.
- Isang babaeng nagsasagawa ng aktong pagbibigay ng suso sa bata para mabigyan ng gatas.
- Isang babaeng nagpapakain ng isang bata gamit ang kaniyang gatas, ngunit hindi ito ginagawa sa oras na may kaugnayan sa diskriminasyong ginawa.

Ano ang diskriminasyon sa pagpapasuso, panliligalig at pambibiktima?

Mga natatanging anyo ng diskriminasyon sa pagpapasuso, panliligalig at pambibiktima.

Direktang diskriminasyon – nangangahulugan ito nang mas hindi magandang pakikitungo sa isang babaeng nagpapasuso kaysa isa pang tao (babae man ito na hindi nagpapasuso o isang lalaki) sa isang mapaghahambing na sitwasyon, dahil nagpapasuso ang babaeng iyon.

Halimbawa: Kumakain ng tanghalian si Amy kasama ng kaniyang mga kaibigan sa isang restawran. Dinala niya ang kaniyang bagong silang na sanggol para makilala ng kaniyang mga kaibigan. Nang magsimula na siyang magpasuso ng kaniyang sanggol, isa sa mga waiter ang lumapit at nagsabi kay Amy na, "Ma'am, hindi kayo puwedeng magpasuso sa loob ng restawran. Mukhang kailangan ninyong umalis." Isa itong direktang paglabag ng restawran sa batas laban sa diskriminasyon sa isang babaeng nagpapasuso dahil sa pagtanggihan nitong pagsilbihan si Amy.

Hindi direktang diskriminasyon – nangangahulugan ito ng paglalapat ng isang kinakailangan o kondisyon sa lahat ng tao, nagpapasuso man sila o hindi, ngunit:

- Ang proporsyon ng kababaihang nagpapasuso na nakakasunod dito ay masyadong mababa kaysa proporsyon ng mga taong hindi nagpapasuso na nakakasunod dito;
- Ang kinakailangan o kondisyon ay hindi makatuwiran; at
- Makakapinsala ang kinakailangan o kondisyon sa isang nagpapasusong babae dahil hindi siya makakasunod dito.

Halimbawa: May patakaran ang isang shopping sentre na pagpapanatiling naka-lock ang lahat ng banyo at kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol sa lahat ng oras para iwasang ma-vandalise o magamit sa mga hindi angkop na gawain ang mga pasilidad, kahit na hindi pa ito nangyayari kailanman. Sinumang gustong gumamit ng mga pasilidad ay kailangang pumunta sa tanggapan ng tagapamahala at kunin ang (mga) susi para i-unlock ang mga kuwarto at ibalik ang mga susi pagkatapos. Nagdudulot ito ng malaking abala sa mga babaeng nagbibiyaha kasama ang kanilang mga sanggol, kung medyo malayo ang tanggapan ng tagapamahala sa mga banyo o kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol. Kung gayon, bagama't ang pangangailangan ng pagpapanatiling naka-lock ang mga banyo at kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol ay nalalapat sa lahat, malamang na magdulot ito ng nakakapinsalang epekto sa mga babaeng nagpapasuso, at maituturing na hindi direktang paglabag sa batas laban sa diskriminasyon sa pagpapasuso.

Panliligalig habang nagpapasuso – may dalawang anyo ng panliligalig ng mga nagpapasusong kababaihan. Nailalapat ito kung saan nililigalig ng isang tao ang isang babae sa kadahilanang nagpapasuso ang babae sa pamamagitan ng:

- Hindi kanais-nais na gawi sa isang nagpapasusong babae

Kung gumagawa ang isang tao ng hindi kanais-nais na asal, kung saan ang isang makatuwirang tao, na may pagsasaalang-alang sa lahat ng mga pangyayari, ay aasahan na masaktan, mapahiya o matakot ang babae sa asal na iyon.

- Gumagawa ng nakagagalit o nakakatakot na kapaligiran

Gumagawa ang isang tao, nag-iisa man o may kasamang iba ng asal na naglilikha ng nakagagalit o nakakatakot na kapaligiran para sa babae.

Kabilang sa asal ang paggawa ng pahayag sa babae o sa harap niya, maging pasalita man o isinulat.

Halimbawa: Dinala nila Janice at ng kaniyang asawa ang kanilang bagong panganak na sanggol sa isang restwaran. Sa sandaling makaupo na sila sa hapag kainan, sinimulan ni Janice ang pagpapasuso sa kanyang sanggol. Habang nagpapasuso si Janice narinig niya ang dalawang waiter na nag-uusap tungkol sa kanya at sinasabi “...nakakadiri kung paanong gusto ng ilang babae na magpasuso sa publiko”. Lumapit ang isa sa mga waiter kay Janice at sinabihan siya” ...malaswa ang pagpapasuso dito sa aming restawran dahil maaaring maapektuhan ang ibang kustomer”. Ginagawa ng asal na ito na masaktan at mapahiya si Janice at labag sa batas na panliligalig sa pagpapasuso ni Janice bilang tagagamit ng serbisyo ng restawran.

Pambibiktima – nangangahulugan ito na mas hindi mabuti ang pagturing ng isang tao (ang nagsagawa ng diskriminasyon) sa isa pang tao (ang biktima) kaysa ibang tao sa isang mapaghahambing na sitwasyon dahil sa nagawa o gagawin pa lang, o pinaghihinalaang ginawa o gagawin pa lang ng biktima:

- Ipagpalagay na ang nagsagawa ng diskriminasyon o sino pa mang tao ang nakagawa ng paglabag sa batas laban sa diskriminasyon o panliligalig sa pagpapasuso sa ilalim ng SDO;
- Magsagawa ng paglilitis laban sa nagsagawa ng diskriminasyon o sino pa mang tao para sa diskriminasyon o panliligalig sa pagpapasuso sa ilalim ng SDO;
- Magbigay ng ebidensya o impormasyong kaugnay ng paglilitis na isinagawa ng sinumang tao laban sa nagsagawa ng diskriminasyon o sino pa mang tao para sa diskriminasyon o panliligalig sa pagpapasuso sa ilalim ng SDO; o
- O kaya'y magsagawa ng anumang alinsunod o nakabatay sa mga probisyon ng diskriminasyon o panliligalig sa pagpapasuso sa ilalim ng SDO kaugnay ng nagsagawa ng diskriminasyon o sino pa mang tao.

Halimbawa: Si Judy ay miyembro ng isang country club sa Hong Kong. Siya at ang kaniyang asawa ay kamakailang nag-ampon ng sanggol na lalaki at dinala ang kanilang sanggol sa country club para kumain. Nang magsimula na si Judy na magpasuso ng kanilang sanggol sa country club, sinabihan siya ng isang empleyado na hindi pinapayagan ang pagpapasuso sa club dahil baka magreklamo ang iba pang miyembro. Naghain ng reklamo ng diskriminasyon sa pagpapasuso laban sa club dahil sa pagbabawal nito sa kaniya na magpasuso. Tumugon ang club sa pamamagitan ng isang sulat pagkalipas ng ilang linggo nang hindi tinutugunan ang isyu ng diskriminasyon. Sa halip, ipinahayag nito na tinatapos na ang membership ni Judy sa club dahil sa kaniyang hindi makatuwirang reklamo. Isa itong direktang diskriminasyon sa pagpapasuso at labag sa batas na pambibiktima.

Pananagutan ng mga employer at prinsipal: May legal na responsibilidad ang mga employer para sa mga may diskriminasyong gawain ng kanilang mga empleyado, na isinagawa habang nagtatrabaho, ginawa man ito nang may kaalaman o pag-apruba ang employer o wala. Mananagot ang isang employer para sa mga may diskriminasyong gawain ng isang empleyado, maliban kung mapapatunayan ng employer na nagsagawa siya ng mga makatuwirang maisasagawang hakbang para pigilan ang empleyado sa pagsasagawa ng ganitong mga gawain.

Dagdag pa, anumang ginawa ng isang tao bilang isang ahente ng prinsipal na may pahintulot (ipinahayag man o ipinahiwatig, at nauna man o kasunod) ng prinsipal ay ituturing na ginawa ng prinsipal.

Mga tagubilin at pamimilit na magsagawa ng diskriminasyon: Labag sa batas na gumawa ang isang tao ng mga tagubilin para magsagawa ng diskriminasyon, o pilitin ang isa pang tao na magsagawa ng diskriminasyon batay sa pagpapasuso.

Pagtulong sa mga gawaing labag sa batas: Ang isang tao na sadyang tumutulong sa isa pang tao na magsagawa ng isang gawaing labag sa batas kaugnay ng pagpapasuso sa ilalim ng SDO ay ituturing na siya mismong nagsagawa ng gawaing labag sa batas batay sa layunin ng SDO.

Pagbibigay ng mga produkto, pasilidad at serbisyo

Alinsunod sa SDO, labag sa batas para sa sinumang tao na may kaugnayan sa pagbibigay (na may bayad o wala) ng mga produkto, pasilidad o serbisyo sa publiko o sa isang bahagi ng publiko na magsagawa ng diskriminasyon sa isang babae dahil sa kaniyang pagpapasuso, sa pamamagitan ng:

- Pagtangi o sadyang pag-aalis ng alinman sa mga produkto, pasilidad, o serbisyo; o
- Pagtangi o sadyang pag-aalis sa kaniya ng mga produkto, pasilidad o serbisyo na may kaparehong kalidad, sa katulad na paraan at sa parehong mga tuntunin ng sa karaniwan na kaugnay ng mga lalaking miyembro ng publiko.
- Labag din sa batas para sa isang tao na ligaligin ang isang babae sa kadahilanang nagpapasuso siya:sa panahon ng pag-aalok para magbigay o magbigay ng mga kalakal, pasilidad o serbisyo sa babae; o
- sa panahon ng paghahangad na maibigay sa kanya ang mga kalakal, pasilidad o serbisyo, o pagkakalooban ng mga kalakal, pasilidad o serbisyo niya.

Mga halimbawa ng pasilidad at serbisyo

- Pag-access sa at paggamit ng anumang lugar, na pinapayagang puntahan ng mga miyembro ng publiko o ng isang bahagi ng publiko;
- Pagtuloy sa isang hotel, guesthouse o iba pang katulad na gusali;
- Mga pasilidad sa pamamagitan ng pagbabangko o insurance o para sa mga grant, utang, credit o finance;
- Mga pasilidad para sa edukasyon;
- Mga pasilidad para sa pag-aliw, paglilibang, o pagpapahinga;
- Mga pasilidad para sa pagsakay o pagbibiyahe;
- Mga serbisyo ng anumang propesyon o kalakalan; at
- Mga serbisyo ng anumang departamento ng Pamahalaan, o anumang gawain ng Pamahalaan.

Halimbawa: Dinala ni Sarah ang kaniyang sanggol na babae sa parke. Nang maging balisa ang sanggol, naisip ni Sarah na nagugutom na ito. Naupo siya sa isang upuan at nagsimulang magpasuso sa kaniyang anak sa parke. Nakita ng isang guwardiya ng parke na nagpapasuso si Sarah at sinabihan siya na may mga kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol sa parke. Dapat niyang gamitin ang kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol sa halip na magpasuso sa pampublikong lugar ng parke. Tumanggi si Sarah at sinabing nasa kalagitnaan na siya ng pagpapasuso sa kaniyang sanggol. Sinabi ng guwardiya kay Sarah na tumigil na sa pagpapasuso o paaalisin siya kaagad sa parke. Isa itong direktang diskriminasyon sa pagpapasuso. Kahit pa may pasilidad para sa pangangalaga ng sanggol at maraming babae ang puwedeng gumamit nito, hindi obligado ang nagpapasusong ina na gamitin ito. May karapatan ang isang nagpapasusong ina na magpasuso sa publiko, sa halip na sa isang pasilidad para sa pangangalaga sa sanggol.

Mabubuting gawain ng mgatagapagbigay ng mga produkto, pasilidad at serbisyo

1. Gumawa ng isang nakasulat na patakaran tungkol sa pagpapasuso

Gumawa ng isang nakasulat na patakaran ng organisasyon tungkol sa pagpapasuso, na nagtatakda ng pangako ng organisasyon na suportahan ang pagpapasuso at paggawa ng isang kapaligiran na gumagalang sa pagpapasuso.

2. Magbigay ng mga angkop na pasilidad para sa pagpapasuso

Tukuyin ang mga lugar na mas pribado sa mga lugar para sa mga nanay na gustong pribadong magpasuso at gawing available ang mga angkop na pasilidad.

3. Magsagawa ng pagsasanay para sa mga kawani

Makipag-ugnayan sa bawat kawani tungkol sa patakaran at mga gawain ng organisasyon sa pagbibigay ng isang kapaligirang gumagalang sa pagpapasuso. Tiyakin na maging pamilyar ang mga kawani sa patakaran, magkaroon sila ng kaalaman sa mga lugar at pasilidad para sa pagpapasuso, at magkaroon ng kasanayan sa pamamahala ng mga karaniwang sitwasyon ng pagpapasuso.

4. Paglalathala ng patakaran sa pagpapasuso at mga hakbang

Ipalaganap ang mga hakbang at pasilidad na mabuti sa pagpapasuso, tulad ng paglalagay sa website o social media page ng organisasyon, para payagan ang mga nagpapasusong ina na mahanap at magamit ang mga pasilidad kung kinakailangan.

Paglalagay ng mga pasilidad para sa pangangalaga ng sanggol at pagpapadede

Hindi nagtakda ang SDO ng mga uri ng pasilidad na dapat ibigay para sa mga babaeng nagpapasuso. Gayunpaman, inirerekomenda ng Pamahalaan ang paglalagay ng mga kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol at pagpapadede sa mga komersyal na gusali para sa mga taong nag-aalaga ng kanilang mga sanggol at mga inang nagpapasuso.

Gumawa ang Departamento ng mga Gusali ng tiyak na patnubay¹ kaugnay ng paglalagay ng mga kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol at pagpapadede sa mga komersyal na gusali, na nagpapayo na ang ilalagay na bilang ng mga kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol ay dapat na nakabatay sa laki ng gusali, sa pangangailangan ng mga nangungupahan at bisita, at kailangang maglagay ng hindi bababa sa isang kuwarto sa kada gusali.

Nagbibigay rin ang patnubay ng mga rekomendasyon tungkol sa lokasyon, laki at layout ng kuwarto, mga pangkalahatang kinakailangan sa disenyo, pati na rin ang pamamahala at pagpapanatili ng mga kuwartong iyon. Pinapayuhan ang mga tagapagbigay ng mga produkto, pasilidad at serbisyo na sumangguni sa patnubay ng Departamento ng mga Gusali bago maglagay ng mga pasilidad para sa pangangalaga ng sanggol at pagpapadede. Kung anuman, hindi kailanman naging angkop na mga pasilidad para sa pagpapasuso ang mga banyo at paliguan dahil sa mga pangkalinisang dahilan.

¹ Ang Tala sa Pagsasanay para sa Mga Awtorisadong Tao, Nakarehistrong Structural Engineer at Mga Nakarehistrong Geotechnical Engineers, Paglalagay ng Mga Kuwarto para sa Pangangalaga ng Sanggol at Mga Kuwarto para sa Pagpapadede sa mga Komersyal na Gusali, ADV-32, binago noong Nobyembre 2018.

Diskriminasyon sa pagpapasuso at panliligalig sa iba pang sektor

Edukasyon

Labag sa batas para sa mga pang-edukasyong establisyimento, kabilang ang mga unibersidad at mga institusyon para sa bokasyonal na pagsasanay o mga kolehiyo, na magsagawa ng diskriminasyon laban sa isang babaeng nagpapasuso:

- sa mga tuntuning ibinigay sa babae sa pagtanggap sa kaniya bilang isang mag-aaral; o
- sa pamamagitan ng pagtanggap o sadyang pag-aalis sa pagtanggap ng isang aplikasyon para sa kaniyang pagpasok sa establisyimento bilang isang mag-aaral;

Kapag ang babaeng nagpapasuso ay isang mag-aaral sa establisyimento, labag sa batas kapag nagsagawa ang establisyimento ng diskriminasyon laban sa babae:

- sa paraang makakaapekto ito sa kaniyang access sa anumang benepisyo, pasilidad o serbisyo, o sa pamamagitan ng pagtanggap o sadyang pag-aalis sa kakayahan niyang ma-access ang mga ito: o
- sa pamamagitan ng pag-aalis sa kaniya sa establisyimento o pagpapasailalm sa kaniya sa anupamang kapahamakan.

Labag din sa batas para sa mga pang-edukasyong establisyimento na ligaligin ang isang babae sa kadahilanang siya ay nagpapasuso sa mga sumusunod na sitwasyon:

- isang responsableng lupon ng pang-edukasyon na establisyimento na nanliligalig ng isang babae na naghahangad na maging, o isang mag-aaral ng establisyimento;
- kawani ng pang-edukasyon na establisyimento na nanliligalig ng isang babae na naghahangad na maging, o isang mag-aaral ng establisyimento;
- mag-aaral ng pang-edukasyon na establisyimento na nanliligalig ng isang babae na naghahangad na maging, o isang mag-aaral ng establisyimento; o
- isang tao na naghahangad na, o isang mag-aaral ng pang-edukasyon na establisyimento na nanliligalig ng isang babae na isang (o miyembro ng) isang responsableng lupon para sa, o isang tauhan ng establisyimento.

Pamamahala at pagpapagamit ng mga lugar

Labag sa batas para sa isang tao, kaugnay ng mga lugar sa Hong Kong kung saan may kapangyarihan silang ipagamit (kabilang ang kapangyarihang magbenta, magrenta, i-let at i-sublet), para magsagawa ng diskriminasyon laban sa isang babaeng nagpapasuso.

- sa mga tuntunin kung saan iniaalok niya sa kaniya ang mga lugar na iyon;
- sa pamamagitan ng pagtanggap ng kaniyang aplikasyon para sa mga lugar na iyon; o
- sa pakikitungo sa kaniya kaugnay ng anumang listahan ng taong nangangailangan sa lugar ng ganoong paglalarawan.

Labag din sa batas para sa isang o iba pang tao na magsagawa ng diskriminasyon laban sa isang babeng nagpapasuso, sa pamamagitan ng pagpigil sa lisensya o pahintulot para sa pagpapagamit ng lugar sa babae, kung saan kailangan ang lisensya o pahintulot ng kasero o iba pang tao para sa pagpapagamit (halimbawa, pagtatalaga ng pag-upa o pag-sublet).

Labag din sa batas na may kaugnayan sa mga lugar para:

- Isang taong may kaugnayan sa lugar kung saan may kapangyarihan sila na magpagamit, na manligalig ng babaeng nagpapasuso sa panahon ng pag-aalok na ibigay, o pagbibigay ng lugar sa kanya;
- Isang taong nangangasiwa sa lugar, na manligalig ng babae na nagpapasuso, na nanunuluyan sa lugar; o
- May kaugnayan sa pag-uupa, ang landlord o ibang tao na manligalig ng babae na nagpapasuso, na humihingi ng lisensya o pahintulot para sa pagpapagamit ng lugar sa kanya, kung saaan ang lisensya o pahintulot ng landlord o iba pang tao ay kailangan para sa pagpapagamit ng lugar sa iba.

Pakikilahok sa mga club

Labag sa batas para sa isang club, komite ng pangasiwaan ng isang club o isang miyembro ng komite ng pangasiwaan ng isang club na magsagawa ng diskriminasyon sa isang posibleng babaeng miyembro na nagpapasuso:

- sa pamamagitan ng pagtanggap o hindi pagtanggap sa kaniyang aplikasyon para sa membership; o
- sa mga tuntunin o kondisyon na inihanda ng club para matanggap ang kaniyang membership.

Kaugnay ng mga kasalukuyang miyembro, labag sa batas para sa isang club, komite ng pangasiwaan ng isang club o isang miyembro ng komite ng pangasiwaan ng isangclub na magsagawa ng diskriminasyon laban sa isang babaeng nagpapasuso na miyembro ng club:

- sa mga tuntunin at kondisyon ng membership na ibinigay sa kaniya;
- sa pamamagitan ng pagtanggap o hindi pagtanggap sa kaniyang aplikasyon para sa isang tiyak na klaseo uri ng membership;
- sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng akses, o paglilimita sa kaniyang akses sa anumang benepisyo, serbisyo o pasilidad na ibinigay ng club;
- sa pamamagitan ng pagkakaibig sa kaniya ng membership o pagbabago ng mga tuntunin ng membership; o
- sa pamamagitan ng pagsasailalim sa kaniya sa anumang kapahamakan

Labag din sa batas para sa isang club, komite ng pamamahala ng isang club, o miyembro ng komite ng pamamahala ng isang club, na ligaligin ang isang babae na nagpapasuso, na o nag-apply na maging miyembro ng club.

Pamahalaan

Labag sa batas para sa Gobyerno na magsagawa ng diskriminasyon laban sa isang babaeng nagpapasuso sa pagsasagawa ng mga gawain at pagpapatupad ng mga kapangyarihan nito, at sa pagbibigay ng mga produkto, pasilidad o serbisyo, o pagbibigay ng edukasyon.

Paggawa ng isang mabuting kapaligiran sa pagpapasuso

Mga Dapat Gawin

- ✓ Igalang ang kalayaan ng inang pumili para magpasuso anumang oras, kahit saan.
- ✓ Huwag gambalain ang isang inang nagpapasuso maliban kung may alalahanin sa kaligtasan o may nakaharang sa daraanan.
- ✓ Magbigay ng agkop na lokasyon sa isang ina na gustong magkaroon ng higit na pagkapribado kapag nagpapasuso.
- ✓ Ipaliwanag sa ibang kustomer o gumagamit ng serbisyo ang mga pangangailangan ng mga inang nagpapasuso at mga sanggol.

Mga Hindi Dapat Gawin

- ✗ Hilingin sa isang inang nagpapasuso na tumigil, magtakip o umalis sa lugar.
- ✗ Pilitin na pumunta ang ina sa kuwarto para sa pangangalaga ng sanggol sa lugar
- ✗ Hilingin sa mga ina na magpasuso ng kanilang mga sanggol sa mga banyo.

Mga sanggunian sa pagtataguyod ng kapaligiran na mabuti sa pagpapasuso:

- Patnubay sa Pagpapasuso sa Trabaho at mga Kaugnay na Sektor, EOC
- Patnubay sa Pagpapasuso sa pagbibigay ng mga Produkto, Pasilidad at Serbisyo, EOC
- Gabay sa Pagtataguyod ng mga Lugar na Mabuti sa Pagpapasuso, Departamento ng Kalusugan
- Ang Tala sa Pagsasanay para sa Mga Awtorisadong Tao, Nakarehistrong Structural Engineer at Mga Nakarehistrong Geotechnical Engineers, Paglalagay ng Mga Kuwarto para sa Pangangalaga ng Sanggol at Mga Kuwarto para sa Pagpapadeda sa mga Komersyal na Gusali, ADV-32, Departamento ng mga Gusali

Ano ang puwede mong gawin kung nakararanas ka ng diskriminasyon o panliligalig sa pagpapasuso?

Sinumang nakakaramdam na nakararanas sila ng diskriminasyon o panliligalig dahil sa pagpapasuso sa mga binaggit na sektor sa itaas ay maaaring maghain ng reklamo **nang nakasulat** sa EOC at magsumite ng reklamo sa EOC sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na mga daluyan:



Sulat sa Pamamagitan ng Koreo



[Online na form sa website ng EOC](#)



Fax



Nang personal sa tanggapan ng EOC

Mga tanong na kaugnay ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon: [Online na Form ng Pagtatanong](#)

Reklamo kaugnay ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon: [Online na Form ng Reklamo](#)

Pagtatanong at reklamo kaugnay ng mga serbisyo ng EOC: [Online na Form](#)

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad

(Equal Opportunities Commission)

Tel: (852) 2511 8211 (para lamang sa mga pangkalahatang pagtatanong)

Fax: (852) 2511 8142

Address: 16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong.

Email: eoc@eoc.org.hk (para lamang sa mga pangkalahatang pagtatanong)

Serbisyo ng SMS: 6972566616538 (Para sa mga pagtatanong ng mga taong may kapansanan sa pandinig/nahihirapan sa pagsasalita)

(Para sa mga pagtatanong at reklamo tungkol sa diskriminasyon sa ilalim ng mga Ordinansa laban sa diskriminasyon, gamitin ang mga online na form sa itaas.)



平等機會委員會
EQUAL OPPORTUNITIES COMMISSION

April 2021

Tandaan: Sanggunian lang ang polyeto na ito at hindi dapat ituring na pampalit sa isang legal na payo.